Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagkilala sa Pang-uri

Panuto: Bilugan ang pang-uri sa bawat pangungusap.

1. Gusot ang aking mga damit.
2. Napakaliwanag sa silid na ito.
3. Matangkad pala ang kuya mo.
4. Ang sakit ni Rose ay malubha.
5. Ang mga tindahan ay bukas na.
6. Manipis ang tela ng kurtina.
7. Karga ni Danilo ang itim na bag.
8. Uminom ka ng malamig na tubig.
9. Tamang-tama ang pagtimpla ng kape.
10. Binigyan ko siya ng singkwenta pesos.
11. Maligaya ang mga bata sa palaruan.
12. Bago ang mga sapatos na suot ni Nena.
13. Ginamit ni Laura ang mapurol na lapis.
14. Ituro mo sa kanila ang wastong paraan.
15. Mabangis ang aso ng kapitbahay natin.
16. Kunin mo ang mga tuyong damit sa labas.
17. Ang mga gulay sa palengke ay sari-sari.
18. Si Jonas ay ang pinakamalusog na bata dito.
19. Ang pera ko ay sapat na para sa aking bibilhin.
20. Ang Palawan ay ang mahabang isla sa timog kanluran ng Pilipinas.

Talâ: pang-uri - *adjective*

© 2011 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com